

SUUNTO GPS TRACK POD


PATNUBAY SA GUMAGAMIT


1 KALIGTASAN	4
2 Maligayang pagdating	6
3 Mga ilaw na signal	7
4 Paggamit ng power button	8
5 Pagsisimula	9
6 Pagpasadya sa iyong Suunto GPS Track POD	10
6.1 Pagkonekta sa Movescount	10
6.2 Pagpapasadya ng mga setting	12
7 Paggamit ng iyong sa iyong Suunto GPS Track POD	14
7.1 Pagkabit ng Suunto GPS Track POD	14
7.2 Paggamit sa GPS	16
7.3 Pagrekord ng mga log	17
7.4 Paggawa ng mga lap (pag-ikot)	18
7.5 Hindi pagpapagana ng Suunto GPS Track POD	19
7.6 Pagtanggap ng Suunto GPS Track POD	19
7.7 Pag-uploading ng datos sa Movescount	20
8 Pagpapares Suunto GPS Track POD	21
9 Mga icon at mga tunog	23
10 Pag-iingat at pangangalaga	25
10.1 Water resistance (hindi pinapasok ng tubig)	26
10.2 Pag-charge ng baterya	27
11 Mga teknikal na espesipikasyon	29
11.1 Tatak-pangkalakal	29
11.2 CE	30
11.3 Copyright	30


11.4 Warranty	31
Index	35


1 KALIGTASAN

Mga uri ng pag-iingat para sa kaligtasan:


 **BABALA:** - ay ginagamit kaugnay sa isang paraan o sitwasyon na maaaring magdulot ng pinsala nakamamatay o kamatayan.


 **MAG-INGAT:** - ay ginagamit kaugnay sa isang paraan o sitwasyon na magdudulot ng pinsala sa produkto.

 **PAAALALA:** - ay ginagamit upang bigyang-diin ang mahalagang impormasyon.


 **TIP:** - ay ginagamit para sa mga ekstrang payo sa kung paanong gagamitin ang mga itinatampok at kakayahan ng aparato.

Mga pag-iingat para sa kaligtasan:

 **BABALA:** MAAARING MAGKAROON NG MGA ALLERGY O IRITASYON SA BALAT KAPAG NAKADIKIT ANG PRODUKTO SA BALAT, KAHIT PA SUMUSUNOD ANG AMING MGA PRODUKTO SA MGA PAMANTAYAN NG INDUSTRIYA. SA NATURANG KAGANAPAN, AGARANG ITIGIL ANG PAGGAMIT AT KOMUNSULTA SA ISANG DOKTOR.


 **BABALA:** PALAGING KUMONSULTA SA IYONG DOKTOR BAGO SIMULAN ANG ISANG PROGRAMA NG EHERSISYO. MAAARING MAGDULOT NG NAKAMAMATAY NA PINSALA ANG SOBRANG PAGBUHOS NG LAKAS.


 **BABALA:** PARA LAMANG SA PAGLILIBANG.

 **BABALA:** HUWAG GANAP NA AASA SA GPS O SA ITATAGAL NG BATERYA, LAGING GUMAMIT NG MGA MAPA AT IBA PANG KAGAMITANG PANG-BACKUP PARA MATIYAK ANG IYONG KALIGTASAN.

 **MAG-INGAT:** HUWAG MAGPAPAHID NG SOLVENT NG ANUMANG URI SA PRODUKTO, DAHIL MAAARING MAPINSALA NITO ANG PANG-IBABAW.

 **MAG-INGAT:** HUWAG MAGPAPAHID NG PANGONTRA SA INSEKTO SA PRODUKTO, DAHIL MAAARING MAPINSALA NITO ANG PANG-IBABAW.

 **MAG-INGAT:** HUWAG ITATAPON ANG PRODUKTO, KUNDI'Y ITURING ITO BILANG ISANG BASURANG ELEKTRONIKO PARA MAPANGALAGAAN ANG KAPALIGIRAN.

 **MAG-INGAT:** HUWAG IBABANGGA O IBABAGSAK ANG APARATO, DAHIL MAAARING MASIRA ITO.

2 MALIGAYANG PAGDATING


Salamat sa pagpili ng Suunto GPS Track POD.

Dinesenyo para sa madaling paggamit sa labas, ang Suunto GPS Track POD ay makapangyarihang aparato na nag-iimbak ng datos ng mga track, tulin, layo at GPS altitude habang gumagalugad ka ng mga bagong teritoryo.

Kapag nasa bahay na, maaari mong ikonekta ang Suunto GPS Track POD sa *Movescount.com* na online na talaarawan upang tingnan ang mga track sa mapa, o ibahagi ito sa mga kaibigan. Maaari mo rin ipasadya ang mga setting ng aparato online.

Kapag pinares sa Suunto Quest, Suunto M5, Suunto t3, Suunto t4 o Suunto t6, ang Suunto GPS Track POD ay nagbibigay sa iyo ng real time na distansiya at matuguning mga pagbasa ng tulin para sa mga panlabas mong aktibidad.






3 MGA ILAW NA SIGNAL



1 GPS signal

2 Baterya

3 Power button


-  Naghahanap ng signal ng GPS
-  nahanap ang GPS signal
-  Pag-charge
-  Mahinang baterya (mag-recharge sa lalong madaling panahon)
-  Error (ikonekta sa Moveslink)

Para sa kumpletong listahan ng mga signal, tingnan ang *Kabanata 9 Mga icon at mga tunog sa pahina 23.*

4 PAGGAMIT NG POWER BUTTON

Gamitin ang power button para sa mga sumusunod na paggamit:


- Panatiliing nakapindot ang button nang 2 segundo upang paganahin/hindi paganahin ang aparato.
- Pindutin ang button upang magsimulang mag-record ng log at gumawa ng lap habang nagre-record.




5 PAGSISIMULA

Upang simulang gamitin ang iyong Suunto GPS Track POD:


1. I-charge ang baterya. Ang iyong Suunto GPS Track POD ay awtomatikong giging kapag ikabit mo ito sa iyong computer gamitang kasamang USB cable. Ang aparato ay maaari rin gisingin sa pamamagitan ng pagkabit nito sa outlet ng kuryente gamit ang opsiyonal na Suunto wall charger.
2. Magigimulang kumurap ng berde ang indikasyon ng baterya. Ang ganap na pag-charge sa bateryang walang karga ay inaabot ng 2–3 oras. Ang pag-charge sa unang pagkakataon ay maaaring abutin ng mas matagal. Ang power button ay naka-lock habang tsina-charge gamit ang USB cable.
3. Alisin ang aparato kapag ang baterya ay ganap nang na-charge at ang indikasyon ng baterya ay naging patuloy na berde.

 **PAAALALA:** *Huwag tatanggalin ang kawad ng USB hanggang sa mai-charge nang husto ang baterya para matiyak ang mas mahabang karga ng baterya. Kapag tapos na ang pag-charge, ang abisong **Battery full** ay ipapakita sa Moveslink window at ang indikasyon ng baterya sa Suunto GPS Track POD ay patuloy nang berde.*


1.



2.



3.




6 PAGPASADYA SA IYONG SUUNTO GPS TRACK POD


6.1 Pagkonekta sa Movescount

Movescount.com ay ang iyong libheng personal na talaarawan at online na sports community na nag-aalok sa iyo ng maraming kagamitang magagamit para pangasiwaan ang iyong pang-araw-araw na mga aktibidad at gumawa ng mga kaaya-ayang kuwento tungkol sa iyong mga karanasan. Pinapahintulutan ka ng Movescount na ilipat ang iyong mga nai-record na log ng ehersisyo mula sa iyong Suunto GPS Track POD papunta sa Movescount at ipasadya ang aparato upang mainam na matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Simulan sa pag-install ng Moveslink na bersyong makabuluhan sa Suunto GPS Track POD:

1. Pumunta sa www.movescount.com/moveslink.
2. I-download, i-install at i-activate ang Moveslink.




 **PAAALALA:** Makikita ang isang icon na Moveslink sa display ng iyong computer kapag aktibo ang Moveslink.

Para magparehistro sa Movescount:


1. Pumunta sa www.movescount.com
2. Lumikha ng iyong account.


1.



2.



 **PAAALALA:** Sa unang pagkakataon na magkonekta ang iyong Suunto GPS Track POD sa Movescount.com, ang lahat ng impormasyon (kabilang na ang mga setting ng aparato) ay inililipat mula sa aparato papunta sa iyong Movescount account. Sa susunod na ikukonekta mo ang iyong Suunto GPS Track POD sa iyong Movescount account, ang mga pagbabago sa mga setting na ginawa mo sa Movescount ay maa-update sa aparato.

 **PAAALALA:** Magagamit mo ang aplikasyong Moveslink nang hindi nagre-ehistro sa Movescount. Subalit, malaki ang naidurugtong ng Movescount sa pakinabang, sa pagpapasadya at mga opsyon sa setting ng iyong Suunto GPS Track POD. Inilalarawan din nito ang mga nai-record na dinaanan at iba pang data mula sa iyong mga aktibidad. Kaya, inirerekomandang gumawa ng isang Movescount account upang magamit ang ganap na potensiyal ng aparato.

6.2 Pagpapasadya ng mga setting

Maaari mong ipasadya ang mga setting ng iyong Suunto GPS Track POD sa Movescount.


Upang ipasadya sa iyong Suunto GPS Track POD:

1. Paganahin ang Moveslink at ikonekta ang Suunto GPS Track POD sa iyong computer gamit ang nilaang USB cable.
2. Mag-log in sa Movescount at ipasadya ang mga setting sa **GEAR** na seksyon ng iyong profile. Tandaang i-save ang mga setting.
3. Muling ikonekta ang iyong Suunto GPS Track POD upang i-update ang mga setting sa aparato.

1.-2.



3.




Kasama ng iyong Suunto GPS Track POD ang sumusunod na mga default na setting na mababago mo sa Movescount:

- **Awtomatikong pagtala ng log:** Kapag naka-on ang awtomatikong pagtala ng log, ang Suunto GPS Track POD ay magsisimulang magtala ng iyong log ng aktibidad kapag nakakuha ito ng GPS fix. Kapag hindi gumagana ang awtomatikong pagtala ng log, pindutin ang power button upang magsimulang magtala ng log matapos mahanap ang GPS fix.
- **GPS fix at rate ng pagtala:** Bilang default ang Suunto GPS Track POD ay nagtatala ng datos at naghahanap ng GPS signal kada segundo.


- **Sleep mode:** Bilang default ang sleep mode ay naka-off. Kapag ang sleep mode ay naka-off, ang Suunto GPS Track POD ay patuloy na nag-a-update ng GPS na datos at nagtatala ng ibang mga datos, katulad ng oras, tulin at layo, sa tinukoy na mga pagitan.
- **Mga tunog:** Bilang default naka-on ang mga tunog. Kapag naka-on ang mga tunog, makakarinig ka ng tunog kapag:
 - Ang Suunto GPS Track POD ay nakatanggap ng GPS fix at nagsimulang magtala ng log.
 - nakaimbak ang lap.
 - kapag ang log ay nakahinto at ang Suunto GPS Track POD ay nag-off.


Para sa kumpletong listahan ng mga tunog, tingnan ang *Kabanata 9 Mga icon at mga tunog sa pahina 23.*


 **PAAALALA:** Ang Autolap na distansiya ay mas tumpak kapag nakapili ka ng madalas na GPS fix at rate ng pag-record at may malakas na GPS na signal.

7 PAGGAMIT NG IYONG SA IYONG SUUNTO GPS TRACK POD

7.1 Pagkabit ng Suunto GPS Track POD

 **PAAALALA:** Para sa pinakamahusay na GPS reception, siguruhing ang Suunto GPS Track POD ay nakaharap sa langit.






 **PAAALALA:** Laging ilagay ang yunit ng wrist at ang Suunto GPS Track POD sa parehong panig.



Upang ikabit ang Suunto GPS Track POD sa isang strap:


1. Alisin ang plastic na clip mula sa POD.
2. Ilagay ang strap sa pagitan ng clip at ng POD at ilakip ang clip pabalik sa POD.


 **PAAALALA:** Laging ilakip ang strap at clip mula sa likuran ng POD.



7.2 Paggamit sa GPS

Ang Suunto GPS Track POD ay gumagamit ng Global Positioning System (GPS) sa pagtukoy ng kasalukuyan mong lokasyon. Ginagamit ng GPS ang mga satellite na umiikot sa Daigdig na may altitude na 20,000 km sa bilis na 4 km/s.

 **PAAALALA:** *Kapag pinagana mo ang GPS sa unang pagkakataon, o hindi ito ginamit nang matagal na panahon, maaaring mas matagalan ito kaysa dati para makakuha ng GPS fix. Ang mga susunod na pagpaandar sa GPS ay mas bibilis na.*

 **TIP:** *Para mapaikli ang kinakaing oras sa pagsimula ng GPS, hawakan nang mabuti ang aparato nang nakaharap sa itaas ang GPS at tiyakin na ikaw ay nasa bukas na lugar para may malinaw na bista ang aparato sa kalangitan.*

Pag-troubleshoot: Walang GPS signal

- Para sa pinakamalakas na signal, ituro ang bahaging GPS ng aparato nang paitaas. Ang pinakamagandang signal ay nakukuha sa bukas na lugar na may malinaw na bista sa kalangitan.
- Ang GPS receiver ay karaniwang gumagana nang mabuti sa loob ng mga tents at iba pang maninipis na tabing. Subalit, ang mga bagay-bagay, gusali, masukal na kagubatan o maupang lagay ng panahon ay nakababawas sa kalidad ng pagtanggap ng GPS signal.
- Ang GPS signal ay hindi tumatagos sa matitigas na istraktura o sa tubig. Kaya, huwag susubukang paganahin ang GPS sa loob ng mga gusali, kuweba o sa ilalim ng tubig.




7.3 Pagrekord ng mga log

Kapag ang Suunto GPS Track POD ay naka-charge, maaari kang magsimulang mag-record ng mga log.


Upang magrekord ng log:

1. Lumabas at siguruhin na may malinaw kang pananaw ng langit.
2. Upang i-on ang Suunto GPS Track POD, panatiliing nakapindot ang power button hanggang mag-on ang mga indikasyon ng signal ng GPS at baterya. Ang indikasyon ng signal ng GPS ay magsisimulang kumurap habang ang Suunto GPS Track POD ay naghahanap ng signal ng GPS. Kapag nahanap na ang signal, ang berdeng indikasyon ng signal ng GPS ay nananatiling patuloy na naka-on. Bilang default, ang Suunto GPS Track POD ay awtomatikong magsisimulang mag-record kapag nahanap ang GPS fix.
3. (Kung hindi mo pinagana ang awtomatikong pag-record sa Movescount, pindutin ang power button upang magsimulang magtala ng log.)

1.




2.



(3.)




 **PAAALALA:** Regular na ikonekta ang iyong Suunto GPS Track POD sa Movescount upang ilipat ang iyong mga log at i-update ang datos ng satellite upang makakuha ng mas maikling oras ng GPS fix.

7.4 Paggawa ng mga lap (pag-ikot)

Kapag nagrerekord ka ng log, makakagawa ka ng mga lap/

Upang gumawa ng lap:


1. Pindutin ang power button sa iyong Suunto GPS Track POD.
2. Ang indikasyong ilaw ay kukurap ng berde upang kumpirmahin na na-save ang lap.



TIP: Kapag ang awtomatikong pagtala ay gumagana, maaari kang gumawa ng lap, halimbawa, upang markahan ang pagtawid sa simula o patapos na linya sa marathon. Sa gayon, makikita mo ang iyong eksaktong oras ng pagtakbo, hindi ang oras mula makuha ang GPS fix.


7.5 Hindi pagpapagana ng Suunto GPS Track POD

Upang hindi paganahin ang Suunto GPS Track POD, panatiliing nakapindot ang power button hanggang ang mga pang-indika ng baterya at signal ng GPS ay mag-shut down.



7.6 Pagtanggap ng Suunto GPS Track POD


Hatakin paatras ang strap upang ikawala ang clip mula sa Suunto GPS Track POD.



7.7 Pag-uploading ng datos sa Movescount

Upang i-upload ang mga natala mong log mula sa Suunto GPS Track POD papuntang Movescount:

1. Paganahin ang Moveslink at ikonekta ang aparato sa iyong computer gamit ang Suunto USB cable.
2. Ang mga log mo ay awtomatikong ililipat sa iyong Movescount na account.





8 PAGPAPARES SUUNTO GPS TRACK POD

Ang Suunto GPS Track POD ay maaaring gamitin bilang standalone na GPS na aparato upang mag-save ng datos ng mga track, tulin at layo pati na ang GPS altitude sa mga aktibidad mo. Maaari mo rin ipares ang iyong Suunto GPS Track POD sa tugmang mga wrist na aparato ng Suunto upang makatanggap ng real time na impormasyon sa tulin, layo at cadence sa pag-ehersisyo. Tugma ang Suunto GPS Track POD sa Suunto Quest, Suunto M5, Suunto t3, Suunto t4 a Suunto t6.

Upang ipares ang Suunto GPS Track POD sa tugmang Suunto wrist na aparato:










1. Pumasok sa menu ng pagpares sa iyong wrist na aparato (sundin ang mga tagubilang partikular sa aparato) at piliin ang makabuluhang opsyon mula sa menu (GPS POD o Speed POD). Hintaying hingan ka ng wrist na aparato na i-on ang iyong POD.
2. Panatiliing nakapindot ang power button upang paganahin ang Suunto GPS Track POD.
3. Hawakan ang Suunto GPS Track POD na malapit sa wrist na aparato at hintayin ang aparatong abisuhan ka na ang POD ay naipares.














 **PAAALALA:** *Hindi mo kailangan ng GPS fix upang ipares ang Suunto GPS Track POD sa isang Suunto wrist na aparato.*

9 MGA ICON AT MGA TUNOG

- Walang tunog
- ♪ Maikling tunog
- ♪ Mas mahabang tunog


Mga Ilaw	Mga tunog	Katayuan ng POD
	—	Naka-off ang aparato
	♪	Nag-on ang power
	—	OK ang Baterya
	—	Mahina ang baterya (i-recharge ang baterya)
	♪	Wala nang baterya
	—	Naghahanap ng signal ng GPS
	♪	nahanap ang GPS signal
	♪	Magsisimulang magtala ng log
	♪	Bagong lap

Mga Ilaw	Mga tunog	Katayuan ng POD
	—	POD sa sleep mode
		Ihinto ang ehersisyo/hindi gumagana ang POD
	—	Konektado ang USB at nagcha-charge ang baterya
		Ganap nang naka-charge ang baterya
		ERROR: puno ang memorya, kumonekta sa Moveslink
		ERROR: error kapag sine-save ang log, puno na ang memorya
	—	ERROR: kumonekta sa Movescount

10 PAG-IINGAT AT PANGANGALAGA


Gamitin nang maingat ang aparato – huwag ito ibabangga o ibabagsak. Sa karaniwang paggamit, hindi mangangailangan ng pagkumpuni ang aparato. Pagkatapos gamitin, banlawan ito gamit ang malinis na tubig, banayad na sabon, at dahan-dahang linisin ang kaha gamit ang mamasa-masa at malambot na tela o chamois.

Para sa karagdagang impormasyon sa pag-iingat at pangangalaga sa yunit, sumangguni sa mga komprehensibong babasahing pangsuporta, kabilang na ang Mga Tanong at Sagot at mga video ng pagtuturo, na makukuha mula sa www.suunto.com. Doon ay makapagpapaskil ka rin ng mga katanungan nang direkta sa Help Desk ng Suunto o tumanggap ng mga tagubilin sa kung paanong maipapakumpuni ang iyong produkto sa awtorisadong Suunto Service, kung kailangan. Huwag kukumpunihin mag-isa ang iyong aparato. Maaari rin na, makipag-ugnayan ka sa Contact Center ng Suunto sa numero ng telepono na nakalista sa huling pahina ng dokumentong ito. Tutulungan ka ng kwalipikadong kawani sa customer support ng Suunto at, kung kinakailangan ay, i-troubleshoot ang iyong produkto sa tawag din na iyon. Gumamit lamang ng mga orihinal na aksesorya ng Suunto - ang pinsalang sanhi ng mga hindi orihinal na aksesorya ay hindi sagot ng warranty.

 **TIP:** Tandaang irehistro ang iyong Suunto GPS Track POD sa MySuunto sa www.suunto.com/register para makatanggap ng pasadyang suporta para sa iyong mga pangangailangan.

10.1 Water resistance (hindi pinapasok ng tubig)

Ang Suunto GPS Track POD ay hindi pinapasok ng tubig. Ang pagka-water resistant nito ay nasubukan hanggang 30 m/100 ft ayon sa pamantayang ISO 22810 (www.iso.ch). Nangangahulugan ito na magagamit mo ang Suunto GPS Track POD sa paglalangoy, ngunit hindi ito dapat gagamitin sa anumang uri ng pagsisid.


 **PAAALALA:** *Ang pagka-water resistant ay hindi katumbas ng lalim na magagamit para gumana. Ang mga marka para sa pagka-water resistant ay tumutukoy sa pagkasarado laban sa hangin/tubig na nakatatagal sa pag-shower, pagligo, paglangoy, pag-dive sa pool at snorkeling.*


Para mapanatili ang pagka-water resistant, inirekomenda na:

- huwag kailanman pipindot sa mga button habang nakalubog sa tubig.
- huwag kailanman gagamitin ang aparato maliban sa pinaglaanan dito.
- makipag-ugnayan sa isang awtorisadong serbisyo ng Suunto, distributor o retailer para sa anumang pagkukumpuni.
- panatiliing malinis mula sa lupa at buhangin ang aparato.
- huwag kailanman susubukang buksang mag-isa ang kaha.
- iwasang sumailalim ang aparato sa mabilis na pagbabago sa temperatura ng hangin at tubig .
- laging linisin ang iyong aparato gamit ang tubig tabang kung sumailalim ito sa tubig alat.
- huwag kailanman itutok ang presyon ng tubig sa mga button.
- huwag kailanman ibabangga o ihuhulog ang aparato.

10.2 Pag-charge ng baterya


Ang itatagal ng baterya sa isang charge ay depende sa GPS fix at mga setting ng pag-record. Sa 1 segundong fix at pagitan ng pag-record, magtatagal ang baterya nang hanggang 15 oras. Sa 60 segundong fix at pagitan ng pag-record, magtatagal ang baterya nang hanggang 100 oras sa isang charge.

 **PAAALALA:** Ang mabababang (malamig) temperatura ay nakababawas sa itatagal ng isang karga.

 **PAAALALA:** Ang kakayahan ng mga rechargeable battery ay bumababa habang tumatagal.

Kapag mababa ang lebel ng charge ng baterya (mas maikli sa 2 oras ang natitira), ang pulang indikasyon ng baterya ay magsisimulang kumurap. Dapat mong i-recharge ang baterya sa lalong madaling panahon.


I-charge ang baterya sa pamamagitan ng pagkabit nito sa iyong computer gamit ang Suunto USB cable, o i-charge gamit ang USB-compatible na Suunto wall charger. Aabutin ng humigit-kumulang 2–3 oras para ganap na mai-charge ang bateryang walang karga.



11 MGA TEKNIKAL NA ESPESIPIKASYON

Mga teknikal na espesipikasyon

- temperatura kapag gumagana: -20° C hanggang +60° C /-5° F hanggang +140° F
- temperatura sa pagtataguan: -30° C hanggang +60° C /-22° F hanggang +140° F
- temperatura kapag nagkakarga ang baterya: 0° C hanggang +45° C /+32° F hanggang +113° F
- water resistance (hindi pinapasok ng tubig): 30 m/100 ft (ISO 22810)
- frequency ng transmission (belt/POD): 2.4 GHz Suunto ANT tugmang receiver
- baterya: rechargeable na lithium-ion
- itatagal ng baterya (isang charge):
 - ~ 15 oras may 1 sec na GPS fix at rate ng pagtala*
 - ~ 100 oras may 60 sec na GPS fix at rate ng pagtala*
- *may bagong baterya sa +20° C
- timbang: ~ 35 g / ~ 1.2 oz

 **PAAALALA:** Ang pagka-water resistant ay hindi katumbas ng lalim na magagamit para gumana.

11.1 Tatak-pangkalakal

Ang Suunto GPS Track POD, mga logo nito, at ibang tatak-pangkalakal ng marka ng Suunto at mga inimbentong pangalan ay mga rehistrado o hindi

rehistradong mga tatak-pangkalakal ng Suunto Oy. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

11.2 CE

Inihahayag ng Suunto Oy na ang aparatong ito ay nakasusunod sa mahahalagang hinihingi at iba pang kaugnay na probisyon ng Directive 1999/5/EC.

11.3 Copyright

Copyright © Suunto Oy 2012. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang Suunto, mga pangalang produkto ng Suunto, ang kanilang mga logo at iba pang mga tatak-pangkalakal at pangalan ng marka ng Suunto ay mga rehistrado o hindi rehistradong mga tatak-pangkalakal ng Suunto Oy. Ang dokumentong ito at mga nilalaman nito ay pag-aari ng Suunto Oy at inilalaan lamang para sa paggamit ng mga kliyente upang makakuha ng kaalaman at impormasyon hinggil sa operasyon ng mga produkto ng Suunto. Ang mga nilalaman nito ay hindi dapat gamitin o ipamahagi para sa anumang ibang dahilan at/o kung hindi ay ipagsabi, ibunyag o kopyahin nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng Suunto Oy. Samantalang ganap naming pinangangalagaan na matiyak na ang impormasyong nakalagay sa dokumentong ito ay parehong komprehensibo at tumpak, walang garantiya ng katumpakan ang ipinapahayag o ipinapahiwatig. Ang nilalaman ng dokumentong ito ay sumasailalim sa pagbabago sa anumang oras nang walang abiso. Ang pinakahuling bersyon ng dokumentong ito ay maaaring i-download sa www.suunto.com

11.4 Warranty

LIMITADONG WARRANTY NG SUUNTO

Tinitiyak ng Suunto na sa Panahon ng Warranty ay aayusin ng Suunto o ng isang Awtorisadong Service Center ng Suunto (mula dito ay tatawaging Service Center), ayon sa sarili nitong kapasiyahan, ang mga depekto sa materyales o pagkakagawa nang walang bayad sa pamamagitan ng alinman sa a) pagkukumpuni o b) pagpapalit, o c) pagsasauli sa bayad, alinsunod sa mga patakaran at kondisyon ng Limitadong Warranty na ito. Ang Limitadong Warranty na ito ay may-bia lamang sa bansang pinagbilhan, maliban kung iba ang hinihingi ng lokal na batas.

Haba ng Warranty

Ang Limitadong Haba ng Warranty ay nagsisimula sa petsa ng orihinal na pagbili. Ang Haba ng Warranty ay dalawang (2) taon para sa mga aparatong may display. Ang Haba ng Warranty ay isang (1) taon para sa mga aksesorya, kabilang na ngunit hindi nahihinto sa mga POD at mga transmitter ng heart rate, pati na sa lahat ng piyesang nauubos o nagagamit.

Ang kakayahan ng mga rechargeable battery ay bumababa habang tumatagal. Sakaling may hindi normal na pagbawas sa kakayahan dahil sa sirang baterya, sasakupin ng warranty ng Suunto ang pagpalit ng baterya nang 1 taon.

Mga Hindi Kabilang at Limitasyon

Hindi saklaw ng Limitadong Warranty na ito ang:

1. a) normal na pagkalaspag at pagkasira, b) mga depektong dulot ng walang-ingat na paghawak, o c) mga depekto o pinsalang dulot ng maling paggamit na salungat sa inilaan o inirekomendang paggamit;

2. mga manwal ng gumagamit o anumang bagay na mula sa ikatlong-partido;
3. mga depekto o sinasabing depekto dulot ng paggamit kasama ng anumang produkto, aksesorya, software at/o serbisyo na hindi ginawa o nagmula sa Suunto;

Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi iiral kung ang aparato ay:

1. binuksan na higit sa inaasahang paggamit;
2. nakumpuni na gamit ang mga hindi awtorisadong piyesa; binago o kinumpuni ng hindi awtorisadong Service Center;
3. inalis, iniba o ginawang hindi mabasa ang serial number sa anumang paraan, ayon sa natukoy na kapasiyahan ng Suunto;
4. nababad sa mga kemikal kabilang na ngunit hindi limitado sa mga panlaban sa lamok.

Hindi ginagarantiya ng Suunto na ang paggana ng Produkto ay hindi maaantala o walang pagkakamali, o gagana ang Produkto kasama ng anumang hardware o software na nagmumula sa isang ikatlong partido.

Paggamit sa serbisyo ng Suunto warranty

Dapat ay mayroon kang katibayan ng pagbili para magamit mo ang serbisyo sa warranty ng Suunto. Para sa mga tagubilin kung paano kumuha ng serbisyo sa warranty, bumisita sa www.suunto.com/warranty, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tagapagtingi ng Suunto, o tumawag sa Suunto Contact Center.

Limitasyon ng Pananagutan

Hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng mga umiiral na batas, ang Limitadong Warranty na ito ay ang nag-iisa at natatanging remedyo at ito ay pamalit sa lahat ng iba pang warranty, hinayag man o ipinahiwatig. Hindi mananagot ang Suunto para sa espesyal, insidental, pagpaparusa o mga

kahihinatnang danyos, kabilang ngunit hindi limitado sa pagkawala ng mga inaasahang benepisyo, pagkawala ng mga data, pagkawala ng gamit, halaga ng kapital, halaga ng anumang pamalit na kagamitan o pasilidad, mga paghahabol ng ikatlong partido, pinsala sa ari-arian na nagmumula sa pagbili o paggamit sa aparato o nagmumula sa paglabag sa warranty, paglabag sa kontrata, pagpapabaya, masamang gawain, o anumang legal o nagagamit na teorya, kahit pa alam ng Suunto ang posibilidad ng mga ganoong danyos. Hindi mananagot ang Suunto para sa pagkaantala sa pagbibigay ng serbisyo sa warranty.

Index

G

GPS, 16

H

hindi pagpapagana, 19

I

itatagal ng baterya, 27

L

lap, 18

M

mga icon, 23

mga ilaw na signal, 7

mga setting, 12

mga tunog, 23

Movescount, 10, 20

Moveslink, 10

P

pag-charge ng baterya, 9, 27

paggawa ng mga lap (pag-ikot), 18

pagkabit, 14

pagkonekta sa Movescount, 10

pagpapares, 21

pagpapasadya, 12

pagrekord ng mga log, 17

pagtanggap, 19

Pag-troubleshoot ng GPS, 16

pag-upload sa Movescount, 20

pangangalaga, 25

power button, 8

W

warranty, 31

water resistance (hindi pinapasok ng tubig), 26



SUUNTO CUSTOMER SUPPORT

www.suunto.com/support
www.suunto.com/mysuunto

INTERNATIONAL	+358 2 284 1160
AUSTRALIA	1-800-240498 (toll free)
AUSTRIA	0720883104
CANADA	1-800-267-7506 (toll free)
FINLAND	02 284 1160
FRANCE	0481680926
GERMANY	08938038778
ITALY	0294751965
JAPAN	03 6831 2715
NETHERLANDS	0107137269
RUSSIA	4999187148
SPAIN	911143175
SWEDEN	0850685486
SWITZERLAND	0445809988
UNITED KINGDOM	02036080534
USA	1-855-258-0900 (toll free)

www.suunto.com


SUUNTO

© Suunto Oy 11/2012
Suunto is a registered trademark of Suunto Oy.
All Rights reserved.